Paglilinaw tungkol sa GRACE PERIOD...

“Hindi siya ibig sabihin na walang nang utang o hindi na kailangang bayaran. Parang palugit iyan para makabayad naman din at hindi maging mabigat dahil sa nangyayari ngayong pandemic na nagka-ECQ. Since two and a half months ang ECQ, let’s say may two or three payments na pumatak during that period. Sa next due date, ang babayaran in June ay iyong babayaran talaga for June. Iyong nakalipas na, let’s say April and May na bayarin, uurong lang ang due date at ‘yung term ng loan.

For example, 12 months pa ‘yung natitira ng loan before the ECQ, magiging 14 months or 15 months, depende sa kung ilang payments ang pumatak sa ECQ. Nausog ang principal payment. Parang umurong siya, so ang babayaran mo sa June ay hindi ‘yung total ng April, May, June. Ang babayaran mo lang is for that amortization period. Mas magaan siya. Iyan ‘yung sa principal.

... at ACCRUED INTEREST

Kung mababayaran niyo, magandang bayaran. Pero hindi pwedeng sabihin ng bangko na kung hindi niyo nabayaran, magkakaroon ng additional interest. Hindi pwede iyong interest on interest na tinatawag.

Sa example natin, let’s say P12,000 ang binabayaran kada buwan; P2,000 doon ay interest. Sa June, ang babayaran niya ay ang P12,000 na laging binabayaran, tapos pwede niyang bayaran ang P4,000 interest na nag-accrue noong April and May. Or yung 4,000 pwede I-divide sa remaining term of the loan na starting June ay 12 months. So 4,000 divided by 12 months. Iyong P4,000, idi-divide pa siya para mas magaan sa ating financial consumers.

Usually ‘di ba kapag hindi mo nababayaran, pwedeng patawan iyan ng additional fees or charges. Hindi pwede kasi hindi siya considered unpaid o non-payment kasi grace period nga siya. Umurong lamang siya, tapos ang interest pwedeng bayaran upfront sa June or pwedeng i-stagger pa throughout the term of the loan.”



PIA ROMAN-TAYAG
BSP Managing Director
Center for Learning and Inclusion Advocacy